

1

“Let’s toast for our success!”

“Cheers!” Nag-click ang mga boteng hawak nina Bea, Myla at Pam. Sabay-sabay rin nilang tinungga ang beer.

Isang kaso ang naipanalo ni Myla na isang abogado, kaya sila ay nagse-celebrate. Kaso iyon ng drug trafficking at ang kliyente nito ang siyang nasasakdal.

Naniwala ang babae sa salaysay ni Mang Godo na wala itong kasalanan kundi na-frame up lang, kaya ipinagtanggol ng kaibigan niya ang akusado sa husgado. Mahirap ang kaso dahil malalaking tao ang kalaban, gayunpaman ay naipanalo pa rin iyon ng abogada.

“Ang galing mo talaga, Myla! Mana ka sa amin ni Bea,” humahagikgik na usal ni Pam. Halatang tipsy na ito dahil nakailang bote na rin sila ng beer.

Tumawa rin si Myla. “Siyempre. Birds with the same feathers flock together.”

“Okay, kanina isa kang abogado, at ikaw ay

dentist at ako naman ay photographer,” ani Bea na dinuro niya isa-isa silang tatlo, “ngayon mga ibon na tayo? Anyare?”

Sa kanilang tatlo ay siya na yata ang may pinakamaraming nainom dahil mabigat na ang pakiramdam niya. Nahihilo na rin siya. Pero patuloy pa rin si Bea sa pag-inom.

Naging magkakaklase silang tatlo sa isang minor subject noon sa kolehiyo. Magkakatabi sila sa upuan at nag-click sa isa’t isa. Doon na nagsimula ang friendship nila na tumagal na nang mahigit isang dekada.

Si Myla ay isang abogado. Mayroon itong law firm sa Makati at may mga kasamang associates. Bata pa ito ay talagang matayog na ang pangarap sa buhay. Aktibo ito sa mga civic works. Sa katunayan ay pro bono ang serbisyo nito kay Mang Godo.

Si Pam naman ay isang dentista at mayroon itong state-of-the-art clinic sa Ortigas. Malalaking tao ang kliyente nito.

Siya, si Bea, ay isang professional photographer. Freelancer siya at malakas ang raket niya. Palaging puno ang kalendaryo niya ng mga dadaluhang engagements.

“Nasa iyo na ang lahat,” wala sa tonong kinantahan ni Pam si Myla.

“Oo nga,” sang-ayon niya, “beauty and brains. Mayaman at sexy pa, lahat na lang nasa iyo na.”

“At may uber sa guwapong boyfriend.”

“Don’t forget, uber din sa yaman!”

Sabay pa sila ni Pam na napabuntong-hininga na lalong ikinatawa ni Myla.

“Kung maka-react naman kayo, parang ako lang ang biniyayaan ni Lord ng blessings. Masuwerte rin kayo, ah!”

“Ah, oo, masuwerte rin itong si Pam. May sarili nang dental clinic at very supportive din ang boyfriend,” aniya.

“And you are also successful in your career.” Dinuro siya ni Myla. “Ang gaganda ng mga kuha mo, Friend. I think panahon na para mag-solo exhibit ka ng mga shoots mo. Ito na ang hinihintay mong break.”

“Yeah.” Sarkastikong tumawa si Bea. “Kung hindi lang siguro ako inabot ng malas, baka puwede pa.”

“Aha! But it is not permanent, temporary setback lang. Huwag kang mawawalan ng pag-asa.”

“Ewan ko.” Matamlay na napailing siya.

Depressed si Bea sa nangyari sa kanya. Hindi yata biro ang maaksidente. Buti na nga lang at buhay pa siya. “Parang inaalat yata ako. Sunod-sunod na kamalasan ang dumating sa buhay ko.”

“Asus, huwag ka ngang ganyan!”

Lately ay napadpad si Bea sa mundo ng showbiz. Doon niya nadiskubre na mas malaki pala ang raket kapag mga celebrities ang kliyente niya.

Baguhan pa lang siya, pero halos wala na siyang pahinga. Hindi niya akalaing susuwertehin kaagad sa mundo ng showbiz.

Maganda siya, matangkad at maganda ang hubog ng katawan. Kung siya ang tatanungin ay ayaw niyang maging artista. She'd rather stay behind the camera. That's where she was best at.

Pero minalas siya sa huling project niya. Naaksidente kasi siya matapos ang pictorial nila ni Ysa Concepcion, isang dating sikat na artista at dating kaibigan niya. Commercial iyon ng isang moisturizing shampoo at kinuha sa isang resort.

Pauwi na siya galing Laguna nang biglang nag-

turn turtle ang minamaneho niyang van sa *South Luzon Expressway*. Buti na lang at maluwag ang traffic nang mangyari iyon. Maliban sa pader ay wala siyang nabanggang sasakyan sa kalsada.

Wasak ang kanyang van, pero himalang nakaligtas si Bea sa aksidente. Maliban sa na-fracture ang kaliwang braso niya ay galos lang ang inabot niya. Minor lang ang natamo niyang pilay, kaya hindi na nirekomenda ng espesyalistang tumingin sa kanya na operahan siya.

Pero pinayuhan siyang mamahinga muna lalo na at kaliwete siya. Ipinagbawal muna sa kanya ang magbubuhay ng mabibigat na bagay at magkikilos dahil baka raw mapasama ang alignment ng buto niya. Hindi man naka-plaster cast ang nasaktang braso, nakasuot naman siya ng arm sling.

Magdadalawang linggo na siyang ganito. Walang trabaho dahil sa pilay. Kanina ay galing siya sa doctor niya. Good news naman ang ibinigay kay Bea, mabilis daw ang recovery niya.

Iyon nga lang, hindi pa puwedeng alisin ang arm sling dahil medyo maga pa ang mga ugat ng kanyang braso.

Wala kasi sa sarili si Bea habang nagmamaneho

pauwi. That was the first time in so many years na muli silang nagkita ni Ysa.

They used to be very good friends. Magkababata silang dalawa at magkasama sa tinitirhan habang nag-aaral sa universidad sa Laguna. Pareho silang tubong-Maynila.

Maganda ang samahan nila noong una. Nasira lang dahil sa isang lalaki. Nakipagrelasyon ito kahit na hindi naman nito gusto ang lalaki.

Doon nagsimula ang problema nilang dalawa at dahilan na rin ng tuluyang pagkakasira ng kanilang pagiging magkaibigan.

Matagal nang panahon na hindi sila nagkita. Pinutol na rin niya ang pakikipag-ugnayan sa babae. Kaya nga nagulat siya nang madatnan niya sa location si Ysa nang araw na iyon.

Hindi niya sukat akalain na ito pala ang magiging talent niya. Ang buong akala niya kasi ay si Charm Dy, isang sikat na dramatic actress, ang magiging model ng shampoo dahil ang pangalan nito ang nakalista sa logbook nila.

Noong nasa location na si Bea ay saka lang niya nalaman kay Chelsea, ang bading niyang sekretarya, na hindi na pala si Charm ang magiging endorser ng

shampoo.

Malaki raw ang hinihinging talent fee ng actress kaya nag-back out ang may-ari ng produkto. Si Ysa ang napiling ipalit dahil pumayag ito sa presyong alok sa manager nito.

It was an awkward moment for both of them. Pero dahil pareho silang professional, nakaya nilang matapos ang shooting nang isang araw lang.

Pero habang papauwi si Bea ay hindi siya makapag-concentrate sa pagmamaneho niya. She was preoccupied with the thoughts about Ysa; ang nakaraan nila bilang dating magkaibigan na naging magkaribal at ang pagtatagpo nila nang araw na iyon.

Pagkatapos niyon ay sobrang bilis na ng pangyayari. Namalayan na lang ng dalaga na umikot na ang sasakyan niya.

Sa loob ng isang taon ay nakaranas siya ng krisis sa buhay. Seven months ago, she and Eric, her boyfriend for almost four years, broke up. Kagaya niya ay photographer din ito.

Wala raw third party, ayon mismo kay Eric nang tanungin niya kung bakit nakikipagkalas ito sa kanya. Kailangan daw muna nitong mapag-isa nang makapag-soul search sa buhay.

It wasn't too long before she found out that the bastard was having an affair with his model. Nahuli niya ang dalawa sa akto ng pagniniig sa tinutuluyang condo unit ng ex niya.

Nagwala siya. Sinabunutan ni Bea ang babae at pinaliguan ng sauce ng carbonara ang hudas na Ericson.

Ipinagluto pa naman niya ng paboritong pagkain ang tarantado. Hindi niya alam kung bakit nagpakatanga siya noon. Break na nga sila pero pinagtitiyagaan pa rin niyang amuin ang tarantadong iyon.

How pathetic!

Niregaluhan pa man din siya ni Eric ng purity ring, pagpapatunay raw ng dalisay nitong pagmamahal sa kanya. Pero ito din ang hindi nakatiis. Hindi kinaya ang magtimpi kaya siguro naghanap ng iba para may mapagbalingan ng init ng katawan. Sa galit niya sa nangyari ay itinapon niya ang singsing na iyon.

Pangalawang dagok sa buhay ni Bea ay nang mawala ang bagong bili niyang camera. Latest model pa naman at mahal. Nanakaw iyon mula sa loob ng kanyang sasakyan. Sa ngayon ay pinagtitiyagaan niya muna ang luma niyang camera.

Ang pangatlong krisis sa buhay niya ay nang naaksidente siya.

“Don’t give up, Friend. Malalampasan mo rin iyan.”

“Tama si Pam,” ani Myla. “Huwag kang patatalo sa problema dahil the more na pinanghihinaan ka, the more na dadami sila. Lumaban ka.”

“Ano pa nga ba ang ginagawa ko?” tugon ni Bea.

Tinawag ni Myla ang waiter at um-order ulit ng maiinom.

“Tingin ko sa iyo, bukod diyan sa broken arm mo, brokenhearted ka pa rin hanggang ngayon.”

Napamura siya sa sinabi ni Myla. “Hindi ah! Ano siya, sinusuwerte?”

“Eh, ba’t namumula ka?”

Awtomatikong kinapa niya ang magkabilang pisngi. Humagikgik naman si Pam sa ginawa niya.

“Natural, mestisa ako, eh. Namumula kaagad kapag nakainom.”

Inakbayan siya ng kaibigang abogada. “I think you need a break. Get away from the chaos of life and do some honest to goodness soul-searching. At

kapag na-refresh na ang buhay mo, mag-move on ka na. Stop looking back at your past. You don't need them anymore. Nangyari na iyon.”

“Ang daling sabihin.”

“Sumama ka sa akin sa probinsya next week. Dadalawin ko ang lola ko. We'll stay there for a week. And besides, kailangan nga pala ni Kuya Leon ng professional photographer. Magpapagawa raw siya ng brochure para sa resort namin. Ikaw na lang ang irerekomenda ko, okay?”

“Sure.”

“Bigyan mo ng discount si Kuya, ha?”

“Kahit libre pa!”

2

“Leon, natanggap mo ba ang text ni Myla?”

“Alin pong text?” Napalingon ang binata sa boses ni Lola Naida.

Nasa hardin siya at nag-i-spray ng insecticide sa mga alagang American roses. They had a nursery of ornamental plants at marami silang suki.

Nalingunan niya itong dala ang walker at nakakontodo-bihis. Dahil nasa edad ochenta na, mabagal nang kumilos si Lola Naida.

Nakasuot ito ng flaming red dress na tinernuhan ng mahabang pearl choker at pearl earrings. Nakaayos din ang buhok nito. Malimit na itong naka-bedroom slippers saanman magpunta. Custom-made ang mga tsinelas nito at palaging terno ang kulay sa suot na damit.

“Uuwi raw siya rito, magbabakasyon.”

“Ah, oho.” Tumayo ang lalaki at itinabi ang hawak na spray. Hinubad din niya ang suot na mask at guwantes. Nilapitan niya ang kanyang lola at inakay papasok sa gazebo na nasa gitna ng hardin

para paupuin. Nakahanda na ang merienda nilang maglola sa mesa, brewed coffee at bagong lutong donut.

Matapos paupuin ang matanda ay pumuwesto na rin si Leon. Ipinagtimpla siya ni Lola Naida ng kape at nilagyan ng donut ang platito niya.

“Ihanda mo ang matutulugan nila. Bukas pala sila darating. Utusan mo rin si Dalen na mamalengke. Kumuha siya ng tuna at mga fresh seafood.”

Tumaas ang mga kilay niya. “Sila?”

Ang alam niya ay dalawa lang silang apo ni Lola Naida, siya at si Myla. Mas matanda siya sa babae ng tatlong taon at pareho silang solong anak ng magkapatid na Solomon at Myrna.

Si Solomon ang ama niya na matagal nang pumanaw. Ang mommy niya ay sa Canada na nanirahan simula nang mawala ang esposo. Natagpuan nito roon ang pangalawang asawa na isang Canadian.

“Isasama raw niya ang friends niya.”

“Naman!” Napakamot sa batok si Leon. Kung magdesisyon ang pinsan niya, parang ipo-ipo. Dumarating agad-agad. Wala man lang warning.

“S’abi niya sa akin sa susunod pang linggo siya uuwi at wala siyang sinabing may kasama siya. Ano’ng nangyari?”

“Heartbroken daw ang isa niyang kaibigan. Ipapasyal niya rito nang makalimot. Asikasuhin mong maigi ang kaibigan niya, Hijo. Kawawa naman.”

Napangiwi siya. Kung makautos din ang lola niya, wagas. Dito nagmana si Myla sa kanilang abuela, may pagka-prima donna.

“Hindi ho ako manggagamot, Lola. I’m a farmer, not a psychiatrist.” Kumagat siya sa donut at ngumuya. Napapikit siya sa sarap.

“Pareho na rin iyon.” Sinaway siya nito ng kamay. “Photographer daw ang kaibigan ng pinsan mo at pumayag na siyang gumawa ng mga brochure ng resort, for free! Isn’t that marvelous? Hindi na tayo gagastos.”

“Bakit ho brokenhearted?” interesadong tanong niya. Hindi na niya narinig ang ibang sinabi nito. May nadama siyang awa para sa kaibigan ng kanyang pinsan.

Close sila ni Myla pero dahil sa agwat ng edad nilang dalawa ay hindi niya kilala ang mga kaibigan nito. Limang taon ang age gap nila.

“Ipinagpalit daw sa iba.”

“Ouch!” A familiar pain suddenly stabbed his chest.

It happened a long time ago. Pero sa tuwing naaalala ni Leon ang masakit na pangyayaring iyon ay may kaunting kirot pa rin siyang nararamdaman at hindi niya alam kung bakit.

Niloko siya ng first love niya. Pero college pa siya nang mangyari iyon.

He’s now thirty-three. Mahigit sampung taon na ang nakalipas at nagkaroon na rin siya ng ilang karelasyon. Matagal na siyang nakapag-move on.

“Aba’y hindi na ako nagtanong pa. Mabuti pa, ikaw ang mag-interview sa kanya. I-entertain mo siya nang maigi para hindi ma-out of place.”

“Akala ko ba tayong tatlo? Ba’t wala si Pam?”

“Wala raw siyang makuhang papalit sa kanya sa dental mission ng mayor nila. Kapag nagkapanahon ay hahabol na lang daw siya sa atin,” sagot ni Myla sa katanungan ni Bea.

Nandoon na sila sa *NAIA Terminal 3* at nakapila

patungo sa exit ng departure area papuntang San Buenavista, ang hometown ni Myla. Sa airport na sila nagtagpo at doon niya nalaman na hindi makakasama si Pam.

Taunang proyekto raw ni Mayor Gonzaga ang dental mission sa bayan ni Pam at isa ang kaibigan niya sa taun-taong dumadalo roon.

“Sayang, dapat makahabol siya sa atin. Hindi kompleto ang saya kung wala siya.” Ang dami pa naman nilang nakaplanong gagawin sa hacienda nina Myla.

“Susubukan daw niya. Anyway, welcome naman kayo doon. Puwede tayong bumalik kapag free na siya. Lubos-lubusin natin ang pagbabakasyon.”

“Hindi ba nakakahiya? Baka nakakaistorbo tayo sa lola at Kuya Leon mo?”

Malaki ang ari-arian ng lola ni Myla sa bayan ng San Buenavista. May hacienda ito na natatamnan ng niyog at iba’t ibang namumungang punong-kahoy. Mayroon ding resort ang mga ito palibhasa nasa coastal area ang San Buenavista.

“On the contrary, Lola had been looking forward to having us around since I informed her that we’re coming over. Ang kulit na nga raw, s’abi ni Kuya

Leon,” pagbibigay-alam ni Myla.

“Eh, sa pinsan mo? Di ba busy siya sa pagpapatakbo ng hacienda? Baka wrong timing tayo,” ani Bea.

“Cowboy si Kuya, huwag kang mag-alala. Huwag mo lang uuriratin ng tanong tungkol sa love life niya at tiyak maba-bad trip siya sa iyo.”

“Bakit?” Napataas ang isang kilay niya. “Brokenhearted din ba siyang kagaya ko?”

Umiling ito. “Hindi naman. Kaso wala yatang balak mag-asawa, ewan ko. Kinukulit na nga ni Lola.”

“Baka bading?”

Natawa si Myla sa sinabi niya. “Hindi, ah! Machong-macho si Kuya Leon. Pihikan lang siguro kaya ganoon.”

“So, loveless siya, ganoon?”

Tumango ang kausap. “Iyon ang tsika ni Lola sa akin. Wala raw kasing dinadalang babae sa hacienda.” Tumawa ang dalaga.

“No offense meant, ha? Pero baka naman nai-intimidate sa lola mo?”

“Hindi, ah! Si Lola yata ang pinaka-game na lola sa buong mundo. Tanggap niya kung sino ang gusto

namin. Hindi siya nakikialam dahil ayon mismo sa kanya, malaki ang tiwala niya sa amin.”

“Kungsabagay, hindi ka nga nagkamali sa pagpili kay Tony.” Ang boyfriend nito ang tinutukoy niya.

“Pero marami na ring naging girlfriend si Kuya Leon. Kaso, ewan ko kung bakit palaging nauuwi sa break-up ang relationships niya.”

“Ay, naku! Baka bading nga!”

“Bading ka riyan, isumbong kaya kita?”

Pareho silang natawa sa banta ni Myla.

“Joke!”

“Pero malay mo,” anito na biglang nag-twinkle ang mga mata, “muling tumibok ang puso ng pinsan ko kapag nakilala ka.”

“Utang-na-loob.” Naubo si Bea sa narinig. Mahilig nga palang maging mag-matchmaker ang kaibigan niya. Sa katunayan ay ito rin ang dahilan kung bakit sila nagkakilala ni Eric. “Huwag mo nang ituloy kung anuman ang binabalak mo.”

Imbis na ma-guilty ay napahalakhak pa ito. “Sobra ka, no one’s perfect. Nagkamali ako sa una. Malay mo, bull’s-eye na ako sa pangalawa.”

Pinandilatan ito ni Bea, sabay pinamaywangan. “Oy, tantanan mo ako, Myla. Kapag ganyan ka, mag-isa kang pupunta roon.”

Inihit ito ng tawa. “I promise to behave. Pero mahilig iyon sa mapuputi at singkit, eh.”

“Tse!” Muli ay pinandilatan niya ito ng mga mata. May lahing Chinese ang lola ni Bea at namana niya ang pagkasingkit ng mga mata nito pati na ang pagkaputi.

“Seriously, why don’t you open your heart for someone else? Dapat closed chapter na sa buhay mo si Eric. He’s a jerk, you know. Ang mga kagaya niya ay sinusunog at hindi ipinagtitirik ng kandila.”

“Alam ko iyan at hindi na ako kasing-gaga tulad ng dati. I just wish, though, na madali lang ang paglimot. I just want to move on with my life.”

“Magagawa mo iyan kung desidido kang gawin.”

“I know.” Napabuntong-hininga siya.

Mahirap din kasi, marami silang magaganda at masasayang pinagsamahan ni Eric nang sila pa ang magkasintahan. He was an ideal boyfriend, maalahanin, mabait, super thoughtful, matalino at guwapo.

Ito din ang tumulong sa kanya upang magkaroon ng exposure sa larangan ng photography. At ito rin ang nagbigay-daan kay Bea para makilala siya.

Minahal niya ang lalaki nang higit pa sa buhay niya. At alam niyang minahal din siya nito sa kabila ng ginawang pagtataksil.

What he did had no excuse. He cheated on her. It happened once, it would happen again. And painful it might be, but she didn't want to take part in his game.

She needed a respite so she could think clearly. She had suffered enough. It's about time she give herself the chance to live again.

And besides, may trabaho siyang gagawin doon. Tiyak niya, makakatulong iyon nang malaki upang tuluyan na siyang makalimot.

Villa Sevilla was literally a haven of total relaxation. Hindi akalain ni Bea na may ganoong lugar sa bayan ng San Buenavista.

Sa bungad pa lang ng hacienda nina Myla ay sinalubong na sila ng huni ng mga ibon at kuliglig. Malamig at presko ang simoy ng hangin. Pansin din

niya ang naglalakihang puno sa paligid.

Tila pumasok siya sa isang tropical rainforest. Kitang-kita niya ang hamog sa mga dahon at mga sanga.

“Ang ganda rito, Myla!” Hangang-hanga siya sa nadadaan ng sasakyan nila.

Sinundo sila sa airport ng San Buenavista ng family driver nina Myla na si Benhur. Nasa forties na ito at mukhang mabait.

May bisita raw si Lola Naida, kaya hindi nakasama sa pagsundo. Si Leon naman ay nagpunta ng bayan upang mamili ng mga tuna at seafood.

Sementado ang daan papasok ng hacienda. Nagkalat din ang mga poste ng solar lights.

“Wala bang dinosaur dito?” Nagsitayuan ang balahibo ni Bea nang pumasok sila sa masukal na daan.

Dahil sa kapal ng mga sanga at mga dahon ay halos hindi na maka-penetrates ang sinag ng araw sa lupa. Binuksan ng driver ang ilaw ng sasakyan upang makita nila ang daan.

Sabay na natawa sina Benhur at Myla sa kanyang tanong.

“Kuya Leon is actually planning to put up a mini-theme park here. Marami kasi talaga ang nagtatanong kung may dinosaur dito,” sagot ng kaibigan niya.

“Oo nga, parang nasa *Jurassic Park* tayo, eh.”

“If you need some relaxation, this is the perfect place. I keep coming back here sa tuwing nai-stress ako. Nawawala lahat ng problema ko kapag ’andito ako.”

“Then why are you staying in Manila? Parang hindi ko ma-imagine iwanan ang lugar na ito. This place seems to be so peaceful compared to Manila.”

“Dahil hyper akong tao. I need to be where the action is. *Villa Sevilla* might be a perfect paradise one could have, pero hindi niya kayang ibigay ang hinahanap ko. Masyadong relaxed ang buhay dito.”

“Kungsabagay, kanya-kanya ng trip. Pero kung ako ang tatanungin, dito na ako. I just wish meron ding lupain ang parents ko kagaya nito.”

Laking-Maynila si Bea at nakatira siya sa isang exclusive subdivision sa Quezon City. Parehong executive sa bangko ang mga magulang niya noong nagtatrabaho pa ang mga ito.

Ngayong retirado na ang mag-asawa ay piniling

mag-migrate sa California kasama ng kanyang Ate Bing na isang nurse. Everyone was convincing her to migrate, pero ayaw niya. Mas gusto pa rin niya ang sariling bansa.

Pumupunta na lang siya roon upang magbakasyon.

Natawa si Myla sa sinabi niya. “Pareho kayo ni Kuya Leon. Hindi raw niya kayang mag-survive sa Manila. Naguguluhan daw siya. Ayaw ding mag-abroad kahit kinukulit na siya ng mommy niya, which is just good kasi walang kasama dito si Lola Naida.”

“Parang paborito ng lola n’yo ang pinsan mo.”

Tumango ito. “Walang duda.” Kinalabit nito si Benhur na tahimik na nagmamaneho. “Di ba, Ben, si Kuya Leon ang favorite ni Lola?”

“Ah, oo,” tumango naman kaagad ang driver, “ang paboritong apong lalaki. At ikaw naman ang paborito niyang babaeng apo.”

Sabay silang natawa sa biro nito.

“Wala siyang choice. Pareho kayong only child.”

“Pareho kami ni Kuya na sunod ang layaw kay Lola Naida, kaya nga madalas noon napapagalitan ng mommy ko si Dad. Nahiya naman siyang sawayin si Lola, siyempre. But I love it kapag pinababakasyon

ako dito ng parents ko. Lahat ng gusto ko'y sinusunod ni Lola.”

“Buti naman at walang rivalry na namamagitan sa inyo ng Kuya Leon mo considering na ’andito siya sa hacienda at wala ka,” komento ni Bea.

Umiling si Myla. “Kuya Leon is the brother that I don’t have. Kung spoiled ako sa Lola, mas spoiled ako sa kanya. Sunod-sunuran siya sa akin lalo na noong bata pa kami. He couldn’t say no to me.”

“Ang suwerte mo naman, may kuya kang super bait.”

“Sinabi mo! Siguro dahil wala rin siyang kapatid kaya pampered ako sa kanya masyado.”

“Paano pag nag-asawa ang kuya mo, magseselos ka?”

Saglit na natahimik si Myla. “Siguro. Depende.”

“Ay naku, alam ko na ang sagot! Kaya naman pala walang makatuluyan si Leon, ikaw ang salarin!” kunwari ay paninisi niya sa kaibigan.

“Tumigil ka!” natatawang binalingan siya ni Myla. Namumula ang mga pisngi nito. “Hindi ako nakikialam sa love life niya, ano!”

“Ows? Baka hindi niya alam na nakikialam ka?”

“Bruha ka, huwag kang gumawa ng intriga.” Napaigtad si Bea nang kinurot siya sa tagiliran ng kaibigan. “Masama bang maging concerned?”

“Ayun, lumabas din ang katotohanan. Baka nakakalimutan mong mas matanda sa iyo ang pinsan mo? Siyempre mas marunong siya kaysa sa iyo.”

Tumangu-tango ang kanyang kausap. “I know. I am just protecting him.”

Napataas ang kilay niya sa narinig. “Protecting him from what?”

Napabuntong-hininga si Myla. “Nabigo kasi siya sa first love niya noong college pa siya. Masyado niyang dinibdib ang paghihiwalay nilang dalawa. Ang tagal bago nakalimutan ni Kuya Leon ang babaeng iyon. Kahit naman siguro sino ay ayaw makitang nasasaktan ang mahal niya sa buhay, di ba?”

Kumunot ang noo niya. “Bakit? Ano ba ang nangyari sa kanila?”

“Niloko siya ng first love niya. Pinaniwala siyang in love sa kanya, iyon pala hindi naman. Ginamit lang ng babaeng iyon si Kuya dahil may pera siya.”

Hindi nakaimik si Bea sa kuwento ng kaibigan.

Noon Pa Man - Adrienne Rowland

Alam niya kung gaano kasakit ang lokohin ng minamahal. Ang kaibahan lang nila ni Leon ay totoo ang naging pagmamahalan nila ni Eric.

3

“Kuya!”

“Myla!”

Sinalubong ng yakap ni Leon ang nakababatang pinsan samantalang hindi naman makaimik sa tabi ng dalaga si Bea.

Natulala siya!

Years had passed and maybe, just maybe, she could be wrong but Leon looked dangerously familiar. Lumakas ang tibok ng puso niya.

Sana mali ang hinala niya.

Pero siguro ay namamalikmata lang siya.

Except for him standing tall at six feet, dark-skinned and sporting that ever so curly hair, wala naman sigurong dahilan upang mapagkamalan niya si Leon kay Arles, ang ex-boyfriend ni Ysa.

Yes, ang artistang si Ysa Concepcion na dati niyang kasama sa apartment.

Masalimuot ang relasyon ng dalawa at pati siya ay nadamay. Lagot siya kapag nagkataong ito at si

Arles ay iisang tao lamang.

The man standing in front of her looked dangerous. Matalim ang mga mata nitong nakatingin sa kanya.

But somehow, they spoke of sincerity and kindness. Kilala niya ang mga matang iyon. Hindi siya maaaring magkamali.

The lines of his jaws were rigidly set and secretly giving her shivers. Siguro dahil sa tindi ng nerbyos niya kaya siya nanginginig.

Now it was her turn to meet his gaze. Matapos batiin si Myla ay siya naman ang binalingan ng lalaki.

“Bea?”

Kamuntik na siyang mahimatay nang marinig niyang tinawag siya nito. Hindi nga siya nagkamali ng hinala!

But it couldn't be Arles!

Nagsimula na siyang mag-panic. Kung alam lang niya na magpinsan ito at si Myla ay hindi na sana siya sumama pa. Naihiling niyang bumuka ang lupang inaapakan niya at lamunin siya nang buhay!

“H-hello,” she managed to say.

Nagsimula nang pagpawisan nang malapot si Bea. Hindi na rin matigil ang pagiging wild ng tibok ng puso niya.

“Ikaw ang kaibigan ni Myla?” Nawala sa pagkabilog ang mga mata ni Leon a.k.a. Arles habang nakatitig sa kanya.

Kulang na lang ay sumara sa pagkasingkit ang mga mata nito. Pinamaywangan pa siya nito.

“Magkakilala kayo, Kuya?” Nagpalipat-lipat ang tingin ni Myla sa kanilang dalawa.

Hindi siya makasagot. Ano ang sasabihin niya?

Si Leon ang sumagot. “Oo naman, di ba, Bea?” Ngumisi pa ito sa kanya. Kaso lang ay hindi friendly iyon. Magkahalong sarkastiko at naghahamon ang ngisi nito. Obvious na binibigyan siya ng lalaki ng warning sa kung anuman ang binabalak niyang gawin.

Nanghihinang napatango siya. “O-oo.”

Kahit noon pa man ay may epekto na ang presensya nito sa kanya. Mas lalo yata siyang nangarag ngayon lalo pa at may *atraso* siya rito.

“Kelan pa? Ba’t di ko alam?” Lalong napatanga si Myla sa sagot niya. Bakas sa mukha nito ang labis

na pagtataka.

“Malay ko bang magpinsan kayo? ”Tsaka ang alam kong pangalan niya ay Arles at hindi Leon.” Sa wakas ay naapuhap ni Bea ang kanyang dila.

“Arles Leon ang tunay na pangalan ni Kuya, pero mas kilala siya sa Leon.”

Gustong magmura ni Bea pero pinigilan niya ang sarili.

The only thing she wanted to do was leave. Pero huli na rin para magpaalam siya. Anong excuse ang ibibigay niya?

“Bakit kayo magkakilala in the first place?”

Ito na nga ba ang sinasabi niya.

“Bakit hindi mo sagutin ang tanong ni Myla, Bea?”

“Uhm..” Alam niya, namutla siya. Ang tanging nagawa niya ay lumunok.

Humalakhak si Leon. Obvious na na-amuse ito sa hitsura niya. Lalo tuloy siyang nagmukhang tanga.

Pero naawa siguro ito sa kanya, kaya ito na mismo ang sumagot sa katanungan ng pinsan. “Kaibigan siya ng kaibigan ko noon sa college.”

Napanganga si Bea sa sinabi nito. Hindi kasi nakaligtas sa pandinig niya ang diin nito sa katagang 'kaibigan'.

Pero kahit papaano ay nakahinga siya nang maluwag. Hindi siya nito ipinahamak.

“O-oo,” sang-ayon kaagad niya bago magbago ang isip ni Leon at palitan nito ang sinabi.

“Ganoon ba?” Halatang nakontento naman ang kaibigan niya sa kanyang sagot. “Tara na sa loob at nang maipakilala kita kay Lola Naida. Saka mukhang nagugutom ka na, namumutla ka.”

Kung alam lang ni Myla ang totoo!

Baka pati ito ay magalit sa kanya at palayasin siya bigla sa hacienda nito. Ayaw man niyang nagmumukhang makapal ang mukha pero hindi siya handa.

Hindi niya alam kung ano ang dapat gawin.

It was a beautiful house with a sloping roof and huge white French windows in front. Yari sa kahoy ang buong istraktura ng bahay at animo nakatayo sa pedestal. Napapaligiran iyon ng open lanai at may malawak na hagdanan paakyat sa bahay.

Two floors ang bahay at may balkonaheng mapapansin sa mismong harapan sa second floor kung saan ang paparating na bisita ay matatanaw kaagad ng may-ari.

May hinilang lubid si Myla sa gilid ng pinto. Mayamaya lang ay bumukas ang pinto at iniluwa niyon ang isang maliit na babae na todo ang ngiti.

“Hi, Dalen,” bati ni Myla. “May bisita tayo, si Bea.”

“Hello,” aniya.

Lumuwang lalo ang ngiti ng nakatatandang babae bilang ganti sa bati niya. “Pasok kayo.” Niluwagan nito ang bukas ng pinto at kinuha ang hila-hila nilang luggage. “Dalhin ko na itong mga maleta ninyo sa kuwarto ninyo.”

“Salamat, Dalen,” sagot nila ni Myla bago sila iniwan nito.

Naunang pumasok ang kanyang kaibigan, sumunod siya at pagkatapos ay si Leon.

Saka lang niya napansin ang karugtong ng lubid na hinila ni Myla sa labas ng bahay. Chime pala iyon na yari sa ceramics at aluminum tubes at nagsisilbing doorbell para sa mga bisita.

“Ang galing!” Napangiti si Bea. “Kaninong idea itong doorbell?”

“Sa Kuya,” ani Myla na nagpatiuna na sa paglakad. Halatang excited ito na makita ang lola nito.

“Hanga ka na naman sa akin.” Napaigtad pa si Bea nang biglang magsalita sa tabi niya si Leon. Hindi niya namalayan na sinabayan pala nito ang lakad niya.

“Siyempre. Napaka-talented mo naman talagang tao.”

Nagkibit-balikat ito. “Sana totoo ang sinabi mo.”

Nag-init ang buong mukha niya. Galit pa rin ba ito sa kanya hanggang ngayon? Kung ganoon ay hindi pa rin nito nakakalimutan si Ysa.

Contrary sa ikinuwento ni Myla sa kanya, hindi pa rin pala nakakapag-move on ang binata. Bumalik ang awa niya kay Leon at pagkainis sa dating kaibigan.

Pero mahigit sampung taon na ang nakalipas. Hanggang kailan nakagapos ang puso nito sa isang mapait na alaala?

Napabuntong-hininga na lamang siya. “Totoo iyon, kahit kailan ay hindi ako nagsinungaling sa iyo.”

Magsasalita sana si Leon pero siya namang pagsulpot ni Lola Naida. Halatang excited ito dahil hindi na naalalang tanggalin ang suot na apron na may disenyo ng sexy na katawan.

Beneath the apron was a flower-printed housedress that flowed up to her ankles. She also wore red doll shoes. Mahilig daw ito sa pula, ayon mismo kay Myla.

“Apo!” Nakangiting sinalubong nito si Myla at pinupog ng yakap at halik.

“I missed you, Lola. Dapat talaga iniwan mo na dito si Kuya at sumama ka na sa akin sa Maynila.” Ginantihan ng kaibigan niya ang mga yakap at halik ng abuela nito.

Ang lakas ng tawa ni Lola Naida. “Ano’ng gagawin ko roon? Palagi ka namang nasa lakwatsahan. Iiwan mo akong mag-isa sa bahay.”

“Parang nagsumbong naman sa iyo ang Mommy. Pero nagre-review ako noon.”

Parehong abogado ang mga magulang ni Myla.

“Asus! Tigilan mo nga ako, Myla. Narinig ko na iyan sa mommy mo nang nagsisimula pa lang siya noon. Pero nang dumami na ang kliyente ay hindi

na ako maalala.”

“Ah, hindi mangyayari iyan sa akin, Lola. I will always have time for you.”

“Siya,” anito na tinapik-tapik sa balikat ang apo, “mamaya na tayo maglokokhan. Kumain na muna tayo at kanina pa nagrereklamo si Leon sa gutom.”

Saka lang nito napansin si Bea.

Nagmano kaagad siya sa matanda. “Magandang hapon ho, Lola Naida.”

“Akala ko ba dalawa ang kasama mo?” Tinanaw nito ang nakasarang main door.

“Hindi po makakasama si Pam. May dental mission sa bayan nila at wala siyang makuhang kahalili niya, kaya si Bea na lang ang kasama ko.”

“Ganoon ba?” Sinipat siya ng lola ng magpinsan sa pamamagitan ng suot na makapal na salamin. Mukhang nasiyahan ito sa nakita at ngumiti. “You’re beautiful. Beauty queen ka ba, Hija?”

“Salamat po, pero hindi po.”

“Photographer po siya, Lola. At madalas niyang kasama ang mga beauty queen. Siya ang gagawa ng brochures natin.”

Nagliwanag ang mukha ni Lola Naida. “Ow, talaga? Puwede mo akong gawan ng portrait? Iyong pang-studio, ha?” Natawa si Myla. “Ang Lola, umandar naman ang pagiging addict.”

“Naku! Baka na kay Bea na ang katuparan ng mga pangarap ko.”

“Lola, pakainin n’yo na muna ang bisita natin bago ninyo interview-hin,” singit ni Leon. Hindi na maipinta ang mukha nito sa gutom.

“Oo nga pala, tara na sa kusina. Kanina pa nakahanda ang pagkain.”

“Kayo po ba ang nagluto, Lola?” tanong ni Myla.

“Maliban sa leche flan, si Leon na lahat ang nagluto,” sagot ng matanda.

“Wow, mukhang gustong magpa-impress ni Kuya kay Bea!” tukso ng kaibigan niya.

Sabay pa silang naubo ni Leon.